


CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE

CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE

Catch-up Subject:	Peace Education	Grade Level:	2
Quarterly Theme:	Community Awareness (refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)	Date:	MARCH 8, 2024
Sub-theme:	Compassion (refer to Enclosure No. 3 of DM 001, s. 2024, Quarter 3)	Duration:	40 mins (time allotment as per DO 21, s. 2019)
Session Title:	Mga Kalagayan at Suliraning Pangkapaligiran sa Aming Komunidad	Subject and Time:	Araling Panlipunan 4:20PM – 5:00 PM (schedule as per existing Class Program)
Session Objectives:	Pagkatapos ng Gawain, * Nailalarawan ang kalagayan at suliraning pangkapaligiran ng komunidad.		
References:	K to 12 Basic Education Curriculum https://www.youtube.com/watch?v=SY_DYA1C6Ak		
Materials:	Video Presentation Pictures Powerpoint Presentation Crayons		
Components	Duration	Activities	
Introduction and Warm-up	15 mins	Panalangin Pagbati Mga Panuntunan bago magsimula ang klase Bilang Pagganyak, magpapabasa ng tulang “Magtanim ng Puno”. Magtanim ng Puno Kalikasan ay mahalín natin Ingatan ang mga puno, huwag putulin Ang pagtapon ng basura ay alalahanin Dahil polusiyon nararamdaman natin. Magtanim, tayo ay magtanim Ng mga puno sa paligid natin. Upang bagyo ay malagpasan Mga puno ating pahalagahan Kay ganda pagmasdan ang bukirin Berdeng kabukiran at preskong hangin Di alintana ang init sa tanawin Dahil kay ganda sa paligid namin. Pagtanim ng puno ay kailangan Alagaan para sa ating kalikasan	


CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE

		Makakatulong sa polusiyon ngayon Nagbibigay preskong hangin sa nayon. Itanong: 1. Ano ang pamagat ng tulang binasa natin? 2. Tungkol saan ang tula? 3. Bakit kailangan magtanim ng puno? 4. Paano pangalagaan ang kapaligiran? 5. Sa inyong palagay, ano ang mangyayari sa kapaligiran kapag hindi ito iningatan? Gawin: Ayusin ang puzzle upang mabuo ng larawan at ipatukoy sa mga mag-aaral ang magiging epekto nito sa kapaligiran.       • Ano ang magiging epekto ng pagtapon ng basura sa ilog, pagputol ng puno, paggamit ng dinamita, pagsusunog ng basura at maitim na usok mula sa sasakyan? (Magbibigay ng sariling opinyon ang mga bata)
Concept Exploration	15 mins	Pagkatapos ng gawain, talakayin ang mga suliranang pangkapaligiran. Gagamitin ng mga larawan upang mas maunawaan ng mga bata. <i>Dahil sa hindi wastong paggamit ng ating likas na yaman at kawalan ng disiplina sa pag-aalaga ng ating kapaligiran ay unti-unting nasisira ang mga likas na yaman sanhi nang pagakakaroong ng suliranang pangkapaligiran.</i> <i>Ang suliranang pangkapaligiran ay ang problema na tumutukoy sa pagkasira ng kaayusan ng kapaligiran. Gaya ng climate change, desertification, deforestation, pagkamatay ng mga maliit na isda at pagkasira ng kanilang tahanan, air/noise pollution, at problema sa basura nagsasanhi ng pagbaha.</i>

CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE

		Babasahin ang maikling kuwentong “Tino, Kailan ka Titino?” Habang naglalakad papasok si Tino sa paaralan. Nakaramdam siya ng gutom at agad niyang kinuha ang kaniyang baong pagkain. Tinapon na lamang nito basta ang balat ng kaniyang pinagkainan. Nakita siya ng kaklase na si Carlo at sinaway. Nagalit si Tino at sinuntok ang kaklase. Umiyak ito at nagsumbong sa guro. “Tino, tama ba ang iyong ginawa?” tanong ng guro kay Tino. “Hindi po” sagot ni Tino. Ipinaliwanag ng guro sa mga bata kung ano ang magiging epekto ng hindi tamang pagtapon ng basura at ang pakikipag-away sa kapwa. Mula noon, napagtanto ni Tino na mali ang kaniyang mga ginagawa. Itanong: 1. Ano ang pamagat ng kuwento? 2. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? 3. Saan nangyari ang kuwento? 4. Ano ugali mayroon si Tino noon at ngayon? 5. Tama ba na itapon ang basura kahit saan? Ano ang magiging epekto nito sa kapaligiran? 6. Kung ikaw si Tino, gagawin mo rin ba ang kaniyang mga ginawa? Bakit?
Valuing and Wrap Up	5 mins	Pangkatang Gawain Magbibigay ang guro ng isang sitwasyon na nagpapakita ng suliraning pangkapaligiran sa bawat grupo. Ang bawat grupo ay magbibigay ng kani-kanilang solusiyon sa iba’t ibang paraan. Unang Pangkat: Role Playing Sitwasyon: Habang naglalakad ay may nakita kang mga bata na nagtatapon ng basura sa ilog. Ano ang gagawin mo? Ikalawang pangkat: Drawing Sitwayon: Nagbakasyon ka sa probinsiya at natanaw mo ang isang bundok na halos wala ng puno. Ano ang maaari mong gawin? Ikatlong Pangkat: Essay Writing Sitwasyon: Sumama ka sa tatay mo sa pangangisda. Matagal na kayo sa dagat pero wala pa rin kayong nahuhuling. Nakita mo na may grupo ng mangisngisda sa di kalayuan na gumagamit ng dinamita. Ano ang gagawin mo?
Drawing/Coloring Activity (Grades 1- 3)	5 mins	Kulayan ang larawan na nagpapakita ng pangagalaga sa kapaligiran upang maiwasan ang mga suliraning pangkapaligiran.

CATCH-UP FRIDAYS TEACHING GUIDE



Prepared By:

Maybel S. Alonzo
Aireen E. Dela Cruz
Jobell V. Durante
Teacher I

Recommending Approval:

Liberty V. Jardimán
Master Teacher I

Approved:

Rowena S. Bederico
Principal II